# Paano magpasuri sa ospital ng Japan



### ○ Dalhin ang inyong kard ng segurong-pangkalusugan (Hoken-shou)

Ang kard ng segurong-pangkalusugan (hoken-shou) ay isang kard na ipinapakita mo kapag nagpunta ka sa ospital. Inihahanda ito ng kumpanya o munusipyo sa Japan, kung ipapakita mo ito sa ospital, maaari kang makakuha ng benipisyong medikal na 30% sa pagpapasuri na itinakda ng pambansang pamantayan, kaya't makakamura ka. Gayunpaman, kung nakalimutan mo itong ipakita hindi lamang babayaran mo ang buong halaga ng bayarin kundi maaaring mas mahal pa ito dahil sa halip na base sa pambansang pamatayan ang singil nito ay malayang makapagpapasya ang ospital sa mga babayaran nito. Huwag kakaligtaaang dalhin ang inyong Kard ng segurong-pangkalusugan (Hoken-shou) kapag pupunta. Ang iyong Kard sa pang-indibiduwal na numero (My Number) ay magagamit mo bilang iyong Kard ng segurong-pangkalusugan sa hinaharap, kaya mas makabubuting iparehistro ng maaga ang iyong My Number Card.

### ○ May mga pagkakataon na hindi maaring magamit ang iyong Kard ng Segurong-pangkalusugan (Hoken-shou)

Maaaring gamitin ang Kard ng segurong pangkalusugan sa halos karamihan sa mga ospital at mga tambalang parmasya na tumatanggap ng reseta ng doktor sa Japan. Gayunpaman, mayroon din ilan na hindi maaring magamit sa pagpapasuri, bilang karagdagan hindi rin ito maaring magamit sa mga pagpapagamot na hindi naaangkop sa pambansang pamantayan tulad ng mga operasyon pampaganda (cosmetic surgery) at pagpapaayos ng ngipin (orthodontics) na hindi nakakaapekto sa pang araw-araw na pamumuhay. Hindi rin nito sakop ang pagpapabakuna, pagpapasuri ng kalusugan, at ang pagpapalaglag ng bata.

## [ Mahusay na paraan kung papano makatipid ay depende sa kung paano ka pumunta sa ospital]

Kung sakaling biglaang magkasakit at kinakailangan ng pangangalagang-medikal sa mga institusyong-medikal sa mga panahon na walang pasok/piyesta opisyal o sa gabi. Gayunpaman, depende ito kung papaano ka pumupunta sa ospital, maaari kang singilin ng mga karagdagang bayad at maaaring mapamahal ang inyong bayarin sa pagpapatingin.

### ◇ Magkakaroon ng karagdagang singil kung magpapatingin sa klinika na labas na sa oras ng konsultasyon

Kung magpapatingin ka sa klinika sa gabi, madaling araw, piyesta opisyal (Linggo/bakasyon), at hatinggabi na labas na sa oras ng konsultasyon, kailangan mong magbayad ng karagdagang bayad bilang dagdag sa regular na bayarin nito. Gayundin, kung tatanggap ng gamot sa isang parmasya mula sa iyong pagpakonsulta na labas na sa oras ng konsultasyon ay may karagdagang bayad. Suriin at kumpirmahin muna ang oras ng konsultasyon sa home page nito bago pumunta.

### ◇ Kung biglang pumunta sa isang malaking ospital, may mga karagdagang bayarin

Kung pupunta ka sa isang malaking ospital na walang dalang sulat ng rekomendasyon, mayroong ipapataw na karagdagang bayarin na 5,000yen o higit pa. Una, magpatingin muna sa iyong lokal na doktor, at kung kinakailangan pumunta sa malaking ospital mas makabubuti kung may dala kang rekomendasyon na sulat mula sa iyong doktor.

### ◇ Ang pagpapatingin sa maraming ospital ay nakapagdaragdag ng mga bayarin pang-medikal

Nagpalipat-lipat ka na ba ng mga ospital? Sa mga kadahilanan tulad ng [ Dahil hindi bumubuti ang nararamdamang sintomas] o [ Dahil malayo ang lokasyon], bawat pagbisita sa ospital ay may babayaran kang paunang bayad (shoshinryo) para maiwasan magdoble ang pagpatingin,pagpagamot at bayarin tiyakin ang inyong doktor at magpatingin sa parehong ospital.